# Prosesong Pagdulog sa Pagsulat ng Iba't ibang Teksto sa Elementarya

**Rowena U. del Castillo**

## Panimula

Ayon sa pinakabagong manual ng mga Kasanayan sa Pagkatuto sa Elementarya na ipinalabas ng Departamento ng Edukasyon ng Pilipinas (2002), inaasahang ang mga mag-aaral na nagtapos sa elementarya ay mayroon nang angking kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng kathang naglalahad, nagsasalaysay, naglalarawan at nangangatwiran na angkop sa kanilang antas.

Sa kabila ng pagtatakdang ito, marami pa rin ang mga mag-aaral na nakatatapos ng elementarya na kulang sa kakayahan sa pagsulat. Kung nakasusulat man, ang kanilang mga nililikhang sulatin ay hindi tumutugon sa mga itinakdang kraytirya sa kanilang antas ng pagkatuto (Bersales at Villafuerte, 2008).

Marami ring bilang ng mga mag-aaral ang nagpapakita ng pagkayamot, kawalan ng motibasyon sa pagsulat at kung minsan ay hirap na hirap pa sa pagbuo ng mga ideya. Ito ay bunga ng maling konsepto at mahinang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Kadalasan, naaapektuhan ng mga kahinaang ito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat (Badayos, 1999).

Maiisip na isa sa mga pangunahing solusyon sa kahinaan ng mga mag-aaral sa kasanayang ito ay ang kahandaan ng guro sa pagtuturo ng pagsulat. Masasalamin ang kahandaang ito sa maraming gawaing inihahanda ng guro para sa pagtuturo ng pagsulat (Rudell, 1995).

Sa paghahanda ng mga gawain, kailangang isaalang-alang ng mga guro ang nagbabagong interes at pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Upang makasabay sa mga pagbabagong ito, naroroon ang pangangailangan sa bahagi ng mga guro na maghanda ng mga aralin sa pagsulat na naaayon sa interes at lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral at sa mga napapanahong teknik at estratehiya sa pagtuturo.

**Layunin at mga Kaugnay na Literatura**

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na maipakita sa anim na banghay-aralin para sa ikatlong grado ang prosesong pagdulog sa pagsulat ng iba't ibang teksto para sa mga mag-aaral na nasa ikatlong grado. Ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral ay (a) matiyak ang mga kasanayan sa pagsulat sa Filipino na dapat linangin sa mga mag-aaral sa grado 3 ng U. P. Integrated School; (b) makapaghanda ng mga gawaing lilinang sa mga natiyak na kasanayan sa pagsulat gamit ang prosesong pagdulog; at (c) mataya ang bisa ng mga inihandang aralin sa pagsulat.

Ayon kina Owocki at Goodman (1997), mas mabisa ang pagkatuto sa pagsulat kung ang mga mag-aaral ay binibigyan ng sapat na panahong makapagsulat; pinaliliwanagan na ang pagsulat ay nangangahulugan ng eksperimentasyon sa gamit ng wika, pagsubok ng mga bagong ideya, at isang gawain ng paglikha; at binibigyan ng angkop na kasangkapan at espasyong makatutulong sa mas mabilis at epektibong paglinang ng kasanayan sa pagsulat.

Ganito rin ang paniniwala ni Raimes (1983) na nagsaalang-alang sa tatlong salik sa pagpaplano ng aralin sa pagsulat. Una, pagbibigay ng sapat na panahon sa mga mag-aaral na makapagsulat; ikalawa, paghahanda ng mga gawaing angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral upang mahimok silang magsulat; at ikatlo, pag-aangkop ng mga paksang isusulat sa interes at lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Kaugnay ng gampanin ng guro sa pagkatuto sa pagsulat, naniniwala si Tompkins (2003) na ang isang epektibong guro sa pagsulat at pagbasa ay nagbibigay ng angkop na suporta o *scaffolding* sa kanilang mga mag-aaral.

Maipakita ito sa pagbibigay ng gabay, pagtuturo, at pagmomodelo ng iba't ibang kasanayan. Mahalaga ring bumuo ng isang komunidad ng mga mag-aaral na makapagbibigay ng positibong motibasyon sa isa't isa upang makilahok sa mga gawaing inihanda ng guro. Ilang implikasyon ng paniniwalang ito ang pangyayaring ang mga estudyante ay (a) hindi natatakot sumubok na magkamali sa pagsulat dahil nararamdaman nila ang suporta ng kapaligiran; (b) nahihikayat na makilahok sa klase nang walang pag-aalinlangang nararamdaman; (c) nakatatanggap ng *feedback* mula sa klase; at (d) nakaiisip na nakasalalay sa kanilang sarili, o sarili nilang responsibilidad, ang pagkatuto, samantalang nagsisilbing gabay lamang sa pagkatuto ang kanilang guro.

Ganito rin halos ang paniniwala ni Lantolf (2000) kaugnay ng pagsulat at pagkatuto sa pagsulat. Para sa kanya, mahalagang salik ang interaksyong sosyal sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa tulong ng *scaffolding*, ang suporta o gabay na ibinibigay ng guro, kamag-aral, at magulang upang mapagtagumpayan ng mga-aaral ang mga gawaing lubhang mahirap para sa kanya. Binigyang-diin pa ni Lantolf na mas makabubuti ang mga kolaboratibong gawaing hahamon sa kakayahan ng mga estudyante habang may suporta ang guro, at klase, kaysa paulit-ulit na mga gawaing kaya nang isagawa ng mag-aaral nang nag-iisa. Habang natututuhan ng mag-aaral ang isang aralin, unti-unti nang inaalis ng guro ang kanyang paggabay sa iba't ibang gawain, kabilang na ang pagsulat. Samakatwid, habang nararanasan ng mag-aaral ang proseso ng pagsulat, nagkakaroon siya ng malawak na kaalaman tungkol sa paksang kanyang isinusulat. Nagaganap ito sa patuloy niyang obserbasyon sa kanyang guro bilang modelo ng kanyang gawaing pasulat, gayon din sa interaksyon niya sa mga kapwa mag-aaral. Nangangahulugan lamang na hindi lamang gawaing pang-indibidwal ang pagsulat. Nagaganap ito sa isang *discourse community* na ang bawat kasapi ng komunidad ay malayang nakikipagtalastasan.

Binigyang-diin nina Tompkins (2003) at Raimes (1983) ang pagsulat bilang isang proseso na hindi natatapos sa isang upuan kundi nahahati sa iba't ibang yugto. Itinuturing itong isa sa pinakakomplikadong kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sapagkat habang nagsusulat, natututuhan din niya kung paano mag-eksperimento sa gamit sa wika. Dahil sa ganitong kalikasan ng pagsulat, kailangang iparanas sa mga mag-aaral ang prosesong pagdulog na binubuo ng sumusunod na mga yugto: *prewriting; drafting; revising; editing* at *publishing.* Ang mga gurong gumagamit ng ganitong lapit ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng dalawang mahahalagang suporta sa pagbuo ng isang sulatin - sapat na oras at *feedback*.

Ang kabisaan ng paggamit ng prosesong pagdulog sa pagsulat ay pinatunayan sa kwalitatibong pag-aaral na isinagawa ni Concepcion (2006). Lumabas sa kanyang pag-aaral na mas mataas ang kalidad ng mga sulating nabubuo ng mag-aaral kung ginagamitan ng prosesong pagdulog ang mga ito. Napatunayan ding malaking tulong ang ang ganitong dulog sa paglinang ng komprehensyon ng mga mag-aaral, lalo pa kung isinasaalang-alang ang interes, kakayahan at istilo sa pagkatuto ng mga estudyante.

**Pamaraan**

Unang sinuri ang nilalaman ng Philippine Elementary Learning Competencies (PELC) at tinukoy ang mga kasanayan sa pagsulat sa Filipino na dapat linangin sa mga mag-aaral na nasa ikatlong grado ng elementarya. Mula sa mga natukoy na kasanayan, pumili ng anim (6) na kasanayang nilayong linangin sa pag-aaral, kabilang ang pagbuo ng balangkas ng talata at pagsulat ng talatang naglalarawan, nagsasalaysay, nagbibigay-impormasyon, at naglalahad ng sanh at bunga.

Sinundan ito ng pangangalap ng ilang komposisyong gawa ng mga mag-aaral at pagsusuri ng mga komposisyong ito upang matukoy ang kahinaan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Isinasaalang-alang ang mga nakitang kahinaan sa pagbuo ng mga aralin, kasama ang mga obserbasyong napansin ng mananaliksik habang aktwal na nagsusulat ang mga mag-aaral.

Matapos matukoy ang mga kasanayang lilinangin, binuo ang anim na banghay-aralin sa pagsulat na ginamitan ng prosesong pagdulog. Hinati sa tatlong yugto ang bawat aralin: *bago sumulat, habang sumusulat at pagkatapos sumulat.*

Ipina-validate sa tatlong guro ng Filipino sa UP Integrated School ang mga nabuong aralin sa tulong ng inihandang kwestiyonaryo na nakatuon sa layunin, paksa, at gawain na angkop sa lebel ng mga mag-aaral. Batay sa mungkahi ng mga gurong kalahok sa balidasyon, nilapatan ng pagbabago ang bawat aralin.

Sinubok ang mga aralin sa tatlumpu't tatlong (33) mag-aaral na nasa ikatlong grado ng UP Integrated School. Pagkatapos ay isinagawa ang ebalwasyon, gamit ang isang kwestiyonaryong naglayong matukoy ang saloobin ng mga kalahok na mag-aaral tungkol sa paksa, gawain at pamaraang ginamit sa aralin. Isinagawa rin ang isang *focus group interview* upang masubok ang resulta sa kwestiyonaryong sinagot ng mga kalahok na mag-aaral.

**Kinalabasan ng Pagsusuri**

*Obserbasyon sa mga Naunang Komposisyon*

Sa pagsusuri ng mga naunang komposisyon sa simula ng pag-aaral, kapansin-pansing kulang ang kasanayan ng mga kalahok na mag-aaral sa *organisasyon*, o pag-uugnay at paghahanay ng mga ideya. May mga mag-aaral na sapat ang ideya tungkol sa paksa, ngunit kulang ang kakayahang maayos na mapagsunud-sunod ang mga ideyang iyon. Mayroon ding sadyang maganda at malaman ang mga kaisipan, subalit hindi naman organisado ang paraan ng pagpapahayag ng mga ito.

Kapuna-puna sa mga sinuring komposisyon ang kakulangan sa *nilalaman* (content). Batay na rin sa karanasan ng mananaliksik, madalas marinig sa mga mag-aaral na hindi nila alam kung ano ang isusulat at wala silang "wala silang maisip" tungkol sa paksa. Kung mayroon man, karaniwan nang maikli ang naisusulat ng mga bata, o kaya'y maraming pangungusap

ang naisasama ngunit wala namang kauignayan sa paksa ng sulatin.

Nakita rin sa mga sinuring komposisyon ang maraming kamalian sa paggamit ng mga bantas, malaking titik, at pagbaybay lalo pa't may gitling o kudlit ang salita. Isama rin dito ang maling pagbuo ng mga salita at pangungusap, kasama ang paglalapi at pagsusunud-sunod ng mga salita sa pagbuo ng pangungusap.

*Balidasyon ng mga mga Kalahok na Guro sa mga Nabuong Aralin*

Nasa Talahanayan 1 ang resulta ng balidasyon ng tatlong (3) guro sa mga binuong banghay-aralin, batay sa kwestiyonaryong inihanda rin ng mananaliksik. Nasa ibaba naman ang pagpapahalaga o deskripsyon ng iskalang 1 hanggang 3.

1: Lubos na sumasang-ayon
2: Sang-ayon
3: Di-sang-ayon

**Talahanayan 1: Resulta ng Balidasyon ng mga Guro sa**

| Mga Kategorya | Mga Sagot | | | |
|---|---|---|---|---|
| **A. Mga Layunin** | Guro 1 | Guro 2 | Guro 3 | Mean Average |
| 1. Tiyak at malinaw ang mga layuning nais matamo sa aralin. | 3 | 3 | 3 | 3 |
| 2. Nasusukat ang mga layunin na nais matamo sa bawat aralin. | 3 | 3 | 2 | 2.7 |
| **B. Mga Kagamitan** | | | | |
| 3. Sapat ang mga nakalahad na kagamitan upang matamo ang mga layunin (lunsaran at mga kagamitang biswal). | 3 | 3 | 2 | 2.7 |
| 4. May barayti ang mga kagamitan. | 3 | 3 | 3 | 3 |
| 5. Angkop sa antas ng mga mag-aaral ang kagamitan sa mga aralin. | 3 | 3 | 3 | 3 |
| **C. Pamamaraan** | | | | |
| 6. Nakatulong ang mga gawain upang mapukaw ang mga datihan nang kaalaman ng mga mag-aaral. | 3 | 3 | 2 | 2.7 |
| 7. Nakatulong ang mga gawain upang mapadali ang mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral. | 3 | 3 | 3 | 3 |
| 8. Angkop ang mga gawain sa paksa ng aralin. | 3 | 3 | 2 | 2.7 |
| 9. Malinaw ang pagkakalahad ng nilalaman ng aralin. | 3 | 3 | 2 | 2.7 |
| 10. Angkop sa lebel ng mga mag-aaral ang lunsaran. | 2 | 3 | 3 | 2.7 |
| 11. May pagkakataon ang mga mag-aaral na makapagsuri ng iba't ibang teksto. | 3 | 3 | 2 | 2.7 |
| 12. Naaayon sa lebel ng mga mag-aaral ang paksa ng aralin. | 3 | 3 | 2 | 2.7 |
| 13. Angkop sa lebel ng mga mag-aaral ang mga gawaing pasulat. | 3 | 3 | 3 | 3 |
| 14. May barayti ang mga gawain ang mga aralin. | 3 | 3 | 3 | 3 |

Batay sa Talahanayan 1, walang mababa sa mean average (MA) na 2.7 ang nakuha ng mga kategorya sa kwestiyonaryong sinagot ng mga gurong kalahok. Nangangahulugan itong "mataas ang pagsang-ayon" ng mga guro sa kabisaan, kasapatan, at kaangkupan ng mga layunin, kagamitan at pamaraang ginamit sa mga sinuring banghay-aralin.

Mahalagang banggitin na sa bawat araling nabuo, ang mananaliksik ay gumamit ng mga grapikong pantulong (o kagamitang biswal) bilang mga panimulang gawain sa pagsulat. Ang mga *graphic organizer* na ito ang nagsilbing paghahanda (o lunsaran) sa mga mag-aaral sa aktwal na pagsulat. Mahihinuhang ito ang dahilan kung bakit nagtamo ng MA na 2.7 ang kategoryang "Sapat ang mga nakalahad na kagamitan upang matamo ang mga layunin (lunsaran at mga kagamitang biswal)", at nakakuha din ng MA na 3 ang "Nakatulong ang mga gawain upang mapukaw ang mga datihan nang kaalaman ng mga mag-aaral."

Nakita ng mga gurong kalahok na nakatutulong ang ganitong panimulang gawain sa paghahanay-hanay at pagsasama-sama ng magkakaugnay na ideyang dati nang alam ng mga mag-aaral. Nakadaragdag din ito sa pagkakaroon ng barayti sa mga gawain sa pagpapasulat (MA na 3) at pagpapadali ng mga gawaing pasulat (MA na 3). Idagdag pang matapos makapaglista ng magkakaugnay na ideya ang mga mag-aaral, nagkakaroon din ng maikling talakayan ang klase tungkol sa uri ng tekstong kanilang susulatin. Kaya naman nakakuha ang tanong bilang 11 ng MA na 2.7, na nangangangahulugang nakabuti ang pagkakaroon ng pagkakataong makapagsuri ng iba't ibang teksto ang mga mag-aaral.

Bahagi ng prosesong pagdulog ang yugtong ito na tinatawag na "brainstorming" na ang mga mag-aaral, kasama ang guro, ay nagbabahaginan ng kanilang mga ideya tungkol sa paksa ng sulating isasagawa.

Matapos na masuri ang mga uri ng teksto, aktwal na pinasulat ng guro ang mga mag-aaral ng kanilang komposisyon sa tulong ng sariling *graphic organizer.* Para sa anim na banghay-aralin, bumuo rin ang guro ng iba't ibang gawain.

May araling ang sulatin ay nasa anyo ng liham pangkaibigan, kuwento, at iba pa. Ilan sa mga obserbasyong napansin sa mga mag-aaral ang mga sumusunod: (a) hindi na sila nahihirapang mag-isip ng kanilang isusulat dahil natutukoy na nila ang kanilang mga ideya sa panimulang gawain, (b) karaniwang humihiling pa sila sa guro na magdaragdag pa sila ng kanilang mga ideya, at (c) may natitira pang oras ang klase upang tayain o suriin ang kanilang sariling sulatin.

Maliban dito, matapos magsulat ay nagkakaroon pa ng pagbabahaginan ng mga natapos na sulatin ang mga mag-aaral sa yugtong "Pagkatapos Sumulat". Sinusundan ito ng rebisyon ng mga indibidwal na sulatin sa klase, kung saan karaniwang natutugunan ang kahinaan ng mga mag-aaral sa mekaniks ng pagsulat.

Dahil sa mga yugto-yugtong gawaing ito, mahihinuha lamang na nakita ng mga gurong kalahok, sa pamamagitan ng matataas na average mean rating sa kategoryang 6 hanggang 14 (Pamaraan), ang kabisaan ng mga naturang gawain.

*Pagtaya ng mga Kalahok na Mag-aaral*

Nasa Talahanayan 2 ang resulta ng pagtaya ng mga kalahok na mag-aaral sa mga aralin sa pagsulat na kanilang ginamit. Nasa ibaba naman ang pagpapahalaga o deskripsyon ng iskalang 1 hanggang 3.

1: Lubos na sumasang-ayon
2: Sang-ayon
3: Di-sang-ayon

**Talahanayan 2: Talahanayan ng Resulta ng Pagtaya ng mga Mag-aaral na Kalahok**

| Mga Kategorya | Dami ng mga Sumagot na Mag-aaral | | | |
|---|---|---|---|---|
| **A. Paksa ng mga Aralin** | **1** | **2** | **3** | **Mean Aver-age** |
| 1. Interesante ang mga paksa n gaming aralin sa pag-sulat. | 15 | 12 | | 2.56 |
| 2. Interesante ang mga paksa ng aming aralin sa pagsulat. | 15 | 12 | | 2.56 |
| 3. May kaalaman ako sa mga paksa ng aming aralin sa pagsulat. | 17 | 10 | | 2.63 |
| 4. Naaangkop o tama lamang sa aming edad ang mga paksa. | 19 | 8 | | 2.70 |
| 5. Nagustuhan ko ang mga paksa ng aming sulatin. | 15 | 11 | 1 | 2.52 |
| **B. Mga Gawain** | | | | |
| 6. Nakatulong sa akin ang mga gawain upang maging madali ang pagbuo ng mga sulatin | 24 | 3 | | 2.89 |
| 7. Nasiyahan ako sa mga inihandang gawain. | 16 | 11 | | 2.59 |
| 8. Naipaliwanag ng guro ang bawat gawain. | 21 | 6 | | 2.78 |
| 9. Napaunlad ng mga gawain ang aking kasanayan sa pagsulat. | 17 | 10 | | 2.63 |
| **C. Pamamaraan** | | | | |
| 10. Nakatulong sa akin ang hakbang-hakbang na pag-sulat ng sulatin. (Bago sumulat, Habang sumusulat at Pagkatapos sumulat) | 22 | 5 | | 2.81 |
| 11. Nakatulong sa akin ang mga modelong teksto. | 18 | 9 | | 2.33 |
| 12. Binigyang kami ng sapat na oras upang makapag-sulat. | 20 | 5 | 2 | 2.67 |
| 13. Nakatulong sa akin ang talakayan bago ang pagsu-lat ng sulatin. | 21 | 6 | | 2.78 |
| 14. Naging mahalaga na sa akin ang pagsulat dahil sa mga gawain. | 19 | 7 | 1 | 2.67 |

Tulad ng Talahanayan 1, nagpakita ang Talahanayan 2 ng matataas na mean average sa lahat ng kategorya. Pinakamataas ang MA (2.89) ng "Nakatulong sa akin ang mga gawain upang maging madali ang pagbuo ng mga su-latin" at pinakababa man ang MA na 2.33 sa kategoryang "Nakatulong sa akin ang mga modelong teksto," nangangahulugan pa ring mataas ang pagsang-ayon ng mga mag-aaral na kalahok sa kaangkupan ng mga paksa at kabisaan ng mga gawain at pamaraang ginamit sa mga sinuring aralin. Bunga nito, ma-hihinuha ang mga sumusunod na kabatiran (insights) tungkol sa pagtuturo at pag-aaral ng pagsulat:

Sa pagbuo ng mga banghay-aralin sa pagsulat, kailangang isaalang-alang ang tatlong mahahalagang bahagi ng isang aralin: ang paksa, mga gawain, at pamamaraang ginagamit sa pagpapasulat.

Sa pagpili ng paksa, mahalagang bigy-ang-pansin ang (a) interes at kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa papaksain ng sulatin; (b) kaangkupan ng paksa sa edad at lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral; at (c) barayti sa mga paksa ng iba't ibang sulatin. Napatunayang napakahalaga ng pagpili ng mahusay na paksa upang magkaroon ng positibong motibasyon sa pagsulat ang mga mag-aaral. Ang mga paksang luma at hindi naaayon sa kanilang interes ay maaaring maging dahilan ng kanilang pag-ayaw o pagkabagot sa pagsulat ng anumang sulatin.

Sa paghahanda ng mga gawaing pasulat, napatunayang mas nagiging epektibo ang pagpapasulat kung (a) may maayos na panimulang gawain ang guro bago ang aktwal na pagpapasulat; (b) ang mga gawain ay kasiya-siya at makabuluhan sa mga mag-aaral; nahihimok ng mga gawain na magsulat ang mga mag-aaral; (c) may malinaw na panutong ibinibigay ang mga guro sa bawat gawain; at (d) may barayti sa mga gawaing ibinibigay sa mga mag-aaral. Ang mga gawaing malabo at hindi mauugnay sa aralin ay dagdag-pasanin lamang sa mga mag-aaral, samantalang ang kasiya-siyang gawain ay dahilan upang kahiligan ng mga mag-aaral ang pagsulat.

Kaugnay ng pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat, lubos na magkakaroon ng pag-unlad ang mga mag-aaral sa kasanayang pasulat kung (a) maayos, malinaw at madaling sundin ang mga panuto sa bawat gawain; (b) may modelong teksto na matutularan ang mga mag-aaral; (c) may sapat na panahon upang makapagsulat; at (d) nararanasan ng ang proseso ng pagsulat. Samakatwid, nagiging maganda ang pagtingin ng mga mag-aaral sa pagsulat kung naging maganda ang kanilang karanasan sa gawaing pasulat.

*Pananaw ng mga Mag-aaral sa Focus Group Interview*

Ito ang resulta ng *focus group interview* sa limang kalahok na mag-aaral na pinili sa pamamagitan ng *random sampling.* Limang tanong lamang na kaugnay ng paksa, mga gawain, at pamaraang ginamit sa sinuring aralin ang binuo para sa panayam, kabilang ang mga sumusunod:

Una, "*Naka-relate ka ba sa mga paksa ng sulatin na ginawa ninyo sa klase? Bakit?"* Limang respondent ang sumagot ng naka-relate sila sa mga paksa ng kanilang aralin sa pagsulat. *Enjoyable* daw para sa kanila ang mga paksa dahil *interesting* sa kanila ang mga ito. At dahil nga ayon sa kanilang interes ang mga paksa, *nag-enjoy* din sila sa pagsusulat. Ilan sa mga paksang naibigan nila ang pagsulat ng impormasyon tungkol sa *computer*. Marami umano silang natutuhan sa paksang ito at natuklasan nila ang mga bagay na nagagawa ng kanilang computer. Naibigan nila ang paglalarawan sa mga kaklase sapagkat sa tulong nito, nakilala nila ang kanilang mga kamag-aral at nasabi nila ang mga katangian ng isa't isa. Samakatwid, sa unang tanong pa lamang ay natukoy na ang dapat isaalang-alang tungkol sa paksang magagamit sa mga sulatin: makabubuting may kaugnayan ang paksa sa sarili, interes o hilig, at Gawain ng mga mag-aaral. Hindi maitatangging marami silang ideya tungkol sa mga paksang makahulugan at may relasyong sa kanilang murang edad.

Ikalawa, "*Naging madali ba sa iyo ang pagsulat dahil sa mga gawain? Bakit?*'
Apat sa limang kinapanayam ang sumagot na naging madali sa kanila ang pagsulat dahil sa mga gawain. Nagustuhan daw nila ang mga grapikong pantulong na ibinigay sa kanila at natulungan sila nito sa pag-oorganisa ng mga ideya tungkol sa paksa. Binanggit pa ng isang batang kinapanayam na ang "step-by-step" na pagsulat sa klase ay nakatulong sa pagbuo ng sulatin, at ang pagkakaroon ng "sequence" ay nakatulong sa organisasyon ng kanilang sulatin. Nangangahulugan lamang na mahalaga ang paghahanda ng mga gawain upang maisaayos ang hakbang-hakbang na pagpapasulat.

Ikatlo, "*May sapat na oras bang ibinigay ang guro upang makapagsulat?"*. Sumang-ayon naman ang limang kinapanayam na nabigyan sila ng sapat na oras upang makapagsulat. Dahil daw sa sapat ang panahon, nagkaroon sila ng pagkakataong makapag-isip tungkol sa paksa. Binanggit din ng isa na nagkaroon siya ng oras para "mapaganda pa ang aking isinulat."

Mahihinuhang ang pagkakaroon ng sapat na panahon ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng panahong makapag-isip, maingat na magsulat, mataya ang sariling sulatin, at makapaglapat ng rebisyon sa isinulat.

Ikaapat, "*Nakatulong ba sa iyo ang yugtu-yugtong pagsulat? Bakit?"* Pawang sumagot ng positibo ang limang mag-aaral. Malaking tulong umano sa kanila ang yugto-yugtong pagsulat. Ang paggamit daw ng grapikong pantulong sa unang gawain ay nakatulong agad sa kanila sa paghahanay ng mga ideya. Madali raw nilang naalaala ang kanilang mga naiisip at ideya dahil nakasulat sa kanilang *graphic organizer* ang mga ito. Binabalik-balikan na lamang nila ang mga ideyang isinulat sa organizer, at nasuri nila ang mga ideyang dapat at hindi dapat isama sa kanilang sulatin. Sa mga gawain naman pagkatapos sumulat, sinabi nilang gusto nilang binabasa sa klase ang kanilang sulatin dahil (a) naibabahagi nila sa mga kaklase ang kanilang ideya; (b) may napupulot silang ideya mula sa ibang kaklase; (c) nakikita nila ang kanilang mga mali sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng mga isinulat sa klase; at (d) nakaka-*enjoy* marinig sa klase ang isinulat ng kanilang mga kaklase. Batay sa sagot ng mga batang kinapanayam, masasabing malaki at makahulugan ang ginagampanan ng prosesong pagsulat sa pagbuo ng isang maayos na sulatin. Mas nakikita ng mga mag-aaral ang kabuluhan ng kanilang ginagawa dahil aktibo silang nakikilahok sa proseso. Batay pa sa obserbasyon ng mananaliksik, namasid na kusang isinagawa ng mga mag-aaral ang proseso ng pagsulat. Kinailangan nga lamang ang mga pamatnubay na gawain para sa bawat yugto.

At ikalima, "*Sa inyong palagay, may nagbago ba sa inyong kakayahan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng talata?*" Apat ang sumagot na nagkaroon sila ng pagbabago sa kakayahang magsulat. Kabilang sa mga dahilang binanggit ng mga bata ang mga sumusunod:

"*Marami po akong natutuhan tungkol sa paksa bago tsumulat kaya gumaling po ako sa pagsulat.*"

"*Nakapagbasa po kasi ako, ang dami ko tuloy nakuhang impormasyon, kaya marami akong naisulat.*"

"*Ang dami po kasi nating ginawa bago sumulat, sumali ako sa mga gawain, ang dami ko tuloy naisip.*"

*Kasi po, nakapagpraktis po akong magsulat.*"

Sa kabuuan ng panayam, nahinuhang mas matutulungan ang mga mag-aaral kung (a) mahusay na pinipili ng guro ang mga paksa ng sulatin; (b) organisado, tiyak at kawili-wili ang mga gawain; at (c) yugto-yugto ang pagpapasulat. Sa ganitong paraan, mas nagiging madali at makabuluhan para sa mga mag-aaral ang mga gawaing pasulat.

**Konklusyon**

Lumalabas na naging epektibo ang mga nabuong banghay-aralin sa pagsulat para sa mga mag-aaral na nasa grado 3 ng UP Integrated School. Ayon na rin sa mga kalahok na mag-aaral, nakatulong sa kanila ang mga inihandang gawain upang mapaunlad ang kanilang kasanayang magsulat ng iba't ibang teksto. Naging makahulugan sa kanila ang pagsulat dahil sa mga paksa at gawaing pasulat na kanilang naranasan.

Ito ang mahahahalagang kabatirang natamo sa pag-aaral:

Ang angkop at kawili-wiling paksa at gawain sa pagpapasulat ng mga sulatin ay mahahalagang salik upang matuto at mawiling magsulat ang mga mag-aaral. Gayon din, ang mga paksa at gawaing naaayon sa kanilang kakayahan at interes ay positibong motibasyon upang maging kasiya-siya ang pagsulat.

Importanteng magkakaroon ng barayti o pag-iiba-iba ng mga gawaing pasulat sa prosesong pagdulog sa pagsulat. Base nga sa panayam, kusang sumasailalim ang mga mag-aaral sa mga yugto-yugtong gawain, at kailangan lamang na gabayan sila ng kanilang guro.

Totoong malaki ang papel na ginagampanan ng guro sa pagkatuto sa pangkalahatan, ngunit lalo higit sa pagkatuto ng pagsulat ng mga sulatin na masasabing "pinakamahirap" ngayong ituro sa mga estudyante. Mahalaga talagang matutuhan, mapili, maplano at maingat na maisagawa ng guro ang mga estratehiya o pamamaraang angkop sa kanyang mga sariling estudyante tungo sa mabisa at kawili-wiling proseso ng pagsulat.

**Mga Reperensya**


Badayos, Paquito. 1999. *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika: Teorya, Simulain at Istratehiya.* Makati City: Grandwater Publications and Research Corp.

Concepcion, Marie Yvette C. 2006. *Process Writing as Reading Comprehension Tool for Expository Text in Social Studies.* University of the Philippines Diliman, Quezon City.

Legaspi, Leonida Q. 2005. *Mga Gawain sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat sa Ikaapat na Baitang sa Elementarya.* Philippine Normal University, Taft Avenue, Manila.

Lantolf, James. 2000. *Introducing Sociocultural Theory.* Viv Edwards at David Corson (eds.), Encyclopedia of Language Education. Netherlands: Kluwer Academic Publisher.

Owocki, Gretchen at Goodman, Yetta. 1997. *The Teaching of Writing.* Viv Edwards at David Corson (eds.), *Encyclopedia of Language Education*. Netherland: Kluwer Academic Publisher.

Paguirigan, Gina R. 2004. *Sanayang Aklat sa Paglinang ng mga Kasanayan sa Pagsasalita, Pagbasa at Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Sekondarya.* Philippine Normal University, Taft Avenue, Manila.

Raimes, Ann. 1983. *Techniques in Teaching Writing*. Oxford: Oxford University Press.

Rudell, Robert. 1995. *Teaching Children to Read and Write: Becoming an Influential Teacher*. Allyn and Bacon Publishing.

Tompkins, Gail. 2003. *Literacy for the 21th Century. (3rd Ed.).* New Jersey: Pearson Education, Inc.

Villafuerte, Pat. et. al. 2008. *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga teorya at Praktika.* Mutya Publishing House, Inc.